

ACTIVITY

A. Kumpletuhin ang crossword puzzle.

Pahalang:


3. ilog na tinawid ng mga Israelita upang makapunta sa lunsod ng Jerico

4. pinili ng Diyos na bagong leader ng mga Israelita

7. hawak ng pinuno ng hukbo ng Diyos nang magpakita kay Joshua

9. dito tumakas ang mga espiya palabas ng Jerico

10. lugar na pinagkampusan ng mga Israelita matapos tumawid ng ilog



Pababa:

1. Pinadala ni Joshua sa Jerico para magmanman

2. Pinatunog ng mga pari na kasamang umikot sa lunsod ng Jerico

5. Ginawa ng mga tao matapos marinig ang tunog ng trumpeta

6. Nagpatuloy at nagtago sa mga taong pinadala ni Joshua sa Jerico

8. Bagay na dapat ilagay sa bintana ng bahay ng babaeng tumulong sa mga espiya sa araw ng kanilang pagsalakay

B. Tama o Mali. Gumuhit ng smiley face 😊 sa patlang (sa simula) ng pangungusap kung ito ay tama at sad face 😞 naman kung mali.

- _____ 1. Itinuro ni Rahab kung saan nagtatago ang mga espiyang Israelita.
- _____ 2. Nangako ang mga espiya kay Rahab na hindi mapapahamak ang kanyang pamilya bilang kabayaran ng kaniyang pagtulong sa kanila.
- _____ 3. Sumakay ng bangka ang mga Israelita upang makatawid ng Ilog Jordan patungong Gilgal.
- _____ 4. Binuksan ang mga pintuan ng Jerico nang mabalitaan ang pagdating ng mga Israelita.
- _____ 5. Sinabi ng Diyos kay Joshua na iikutin nila ang lunsod ng pitong beses sa ika-pitong araw.

Nakita natin ang detalyadong tagubilin ng Diyos kay Joshua kung paano nila masasakop ang lunsod ng Jerico. Muling nasaksihan ni Joshua at ng mga Israelita ang kapangyarihan ng Diyos. Ang kanilang pagkapanalo ay hindi bunga ng kanilang kakayanan, hindi ng kanilang mga armas at hindi ng kanilang talino. Ang kanilang tagumpay ay mula sa Diyos. Si Joshua ay nagpamalas ng lubos na pagtitiwala sa Diyos kaya nagawa niyang isakatuparan ang tagubilin ng Diyos ng walang pag-aalinlangan. Gaya ni Joshua, dapat ay maging lubos ang pagtitiwala natin sa Diyos at sa Kanyang salita. Ang imposible ay nagiging posible kung tayo ay may pusong nagtitiwala at sumusunod.



C. Basahin ang kuwento at sagutin ang mga tanong.

Minsan pinatawag sa school ang magulang ni Melvin. Nalaman nila na nakipag-away ito sa kanyang kaklase. Nangako sina Mr. at Mrs. Bacani sa principal at class adviser ni Melvin na kakausapin at papangaralan nila ang kanilang anak at hindi na ito mauulit.

Pag dating sa bahay, mahinahon na kinausap ng mag-asawa ang anak.

Tatay: *Anak ano ba ang nangyari? Bakit mo sinuntok si Santi?*

Melvin: *Nauna naman siya tatay. Gumanti lang po ako. Lagi na lang niya akong inaasar at pag naglalaro kami lagi siyang nananakit.*

Nanay: *Alam mo anak hindi sagot ang pag-ganti. Walang magandang idudulot na maganda ang ganitong reaction. Sa susunod ganito ang gawin mo, naaalala mo ba yung isang Bible verse na binasa natin noong nakaraang linggo sa Luke?*

Melvin: *Opo. Mahalin ang kaaway. Gawan ng mabuti ang mga napopoot sa atin. Pagpalain ang sumusumpa sa atin at ipanalangin ang nang-aapi sa atin. Tama po ba?*

Tatay: *Tama! Kaya yan ang dapat mong gawin. Simula ngayong gabi ay ipanalangin natin si Santi na baguhin ng Diyos ang kanyang puso.*

Melvin: *Pero 'tay parang napakaimposible naman nun. Bakit ko siya gagantihan ng mabuti eh masama nga ang ginagawa niya sa akin?*

Nanay: *Kaya nandyan ang salita ng Diyos na nagpapaalala sa atin kung ano ang dapat gawin. Paniwalaan mo ito at sundin anak.*

Melvin: *Okay po.*

Sinunod ni Melvin ang pangaral ng mga magulang. Sa tuwing may hindi ginagawang maganda si Santi sa kanya, kabutihan naman ang pinapakita ni Melvin. Napansin ni Melvin na unti-unting nagbago ang pakitungo ni Santi sa kanya. Dahan-dahan din niyang kinaibigan si Santi. Simula noon ay nagbago na ang ugali ni Santi. Hindi na niya inaasar o sinasaktan si Melvin maging ang ibang kaklase.

Mga tanong:

1. Ano ang pangaral kay Melvin ng kanyang mga magulang?

2. Para sa iyo, madali ba gawin ang kanilang payo? Bakit mo nasabi ito?

Ang ibigin at gawan ng kabutihan ang mga bata na gumagawa sa iyo ng kasamaan ay mahirap gawin. Ang utos ng Diyos ay mahalín, gawan ng mabuti at ipanalangin sila. Ang mga batang tulad natin ay dapat na lubos ang tiwala sa salita ng Diyos upang masunod ito. Kahit gaano pa kahirap ang pinapagawa ng Diyos sa atin, magtiwala lamang sa Kanya at siguradong magtatagumpay din tayo sa ating pagsunod gaya na lamang ni Joshua sa ating kuwento.



D. Memory Verse

*Alalahanin mo palagi ang bilin ko sa iyo: Magpakatatag ka at magpakatapang. Huwag kang matakot o kaya'y manghina, dahil ako, ang Panginoon na iyong Diyos, ay sasaiyo kahit saan ka pumaroon. **Joshua 1:9***

